# 1

Abala si Candelaria sa pagpapahid ng liquid polish sa hawak niyang sapatos. Namamasukan siya bilang shoe shiner sa shoe repair shop na iyon, ang *Shoes Mio!* at bago pa lamang siya roon.

Bigla siyang napatayo sa kinauupuan nang makarinig ng matinis na tili ng isang babae na sinundan ng pagtutungayaw niyon. Lumapit siya kay Zeny na nakaupo sa isang stool at nakitanaw sa tinitingnan nito. Katrabaho niya ang babae.

"Ano 'yon?" curious na tanong ni Lyra. Iyon ang palayaw ni Candelaria.

"Si Lucreng, nag-iinarte na naman." Halatang naaasar na umismid ito.

Sa di-kalayuan, sa harap ng isang bangko, natanaw niya ang isang mestisahing babae na nakakapit sa braso ng isang guwapong lalaking hula niya ay nobyo nito. Kaharap ng dalawa ang isang matandang taxi driver na humihingi ng dispensa sa mga ito. Sa puwesto nila ay dinig nila ang pinagdidiskusyunan ng tatlo kaya napiho niya kaagad ang dahilan ng pagtataray ng babae.

Natilamsikan ng putik ang kasuotan nito nang magulungan ng taxi ang isang mababaw na lubak na malapit sa kinahihimpilan ng kotse. Nahulaan niyang kaiibis lamang ng dalawa mula sa sasakyan ng mga ito na nakahimpil sa gilid ng kalsada at papasok marahil sa bangko nang dumaan ang taxi.

"Suntukin mo siya, Andrew," nagmamaktol na utos ng babae sa kasamang lalaki. "That stupid old man is so careless. Dapat turuan mo 'yan ng leksyon."

Tila nahihiya sa inaasal ng kasama, pinandilatan ito ng lalaki. "Ano ka ba? Nag-sorry na nga 'yung tao. Hindi naman sinasadya."

Umismid ang babae. "Siya pa'ng kinakampihan mo!" Nakasimangot na umirap ito. Nang muli nitong tingnan ang putik na nakakulapol sa mga hita at miniskirt na suot, tila maiiyak na lalong nanghaba ang nguso nito.

"Pasensya na po talaga, Ma'am, Sir. Hindi ko talaga sinasadya," anang driver, nakikiusap ang anyo.

Ngumiti ang lalaki. "Ayos lang ho. Pasensya na rin kayo dito sa kasama ko. Spoiled brat ho kasi." Sinundan nito iyon ng tawa, tandang biro lang ang sinabi upang wari ay pagaanin ang guilt na

nararamdaman ng kausap.

Sukat sa narinig ay tila batang nagpapadyak ang babae, galit na nagmartsa papasok ng bangko.

Lihim na ngingiti-ngiti lang sina Lyra at Zeny habang pinapanood ang pagmamarakulyo nito.

“Buti nga sa kanya. ’Kala naman niya lagi siyang ipagtatanggol ng love ko,” ani Zeny, halo ang inis sa babae at pagkagiliw naman sa guwapong lalaki.

Maang na tinitigan niya ito. “Kilala mo ba sila?”

“Oo naman. Anak ni Mayor Sandejas ’yang si Andrew at sila ang may-ari ng bangko d’yan sa malapit. Siya nga ang manager d’un. Sila rin ang may-ari nitong inuupahan nating puwesto,” pagbabalita nito.

“Ah. So, Andrew pala ang pangalan n’ung lalaki at si Lucreng naman ‘yung nobya niya.”

“Lucette talaga ang pangalan n’on,” natatawang pagtatama ni Zeny. “Binansagan ko lang siyang ‘Lucreng’ dahil mukha siyang bruha at asar ako sa kanya.”

Naiiling na napangiti si Lyra. Kapag si Zeny ang nagbibida, hindi niya maiwasang matawa. Naaaliw siya sa likas na kakalugan nito. Kung minsan, may

mga ugali itong hindi niya nagugustuhan. Tulad ng pagiging sobrang mapamintas nito sa hitsura ng iba, gayong hindi naman ito kagandahan at may kaitiman pa. Pero may taglay na kaseksihan ang beinte-dos años na dalaga na makatawag-pansin sa kalalakihan.

Tatlo lang silang empleyado roon; dalawang babae at isang lalaki. Ang shop ay pag-aari ni Mr. Ben Yulo na bihira namang pumunta roon. Ang isa pa nilang kasamahan ay si Egay na nagkataong nasa labas para bumili ng merienda nila.

Natanaw ni Lyra paalis na ang taxi. Si Andrew naman, naglalakad na patungo sa bangko. Bago ito pumasok doon ay nakita niyang luminga ito at napatingin sa gawi nila. Ngumiti ito at kumaway sa kanila. Gumanti si Zeny ng kaway at mayamaya pa ay nawala na ang lalaki sa paningin nila.

“Ay, Diyos ko po naman! Nginitian ako ng mahal ko! Malalaglag yata ang panty ko.” Parang hihimatayin sa kilig na itinirik pa ni Zeny ang mga mata sa kisame.

Hindi niya ito masisisi kung marahuyo ito nang ganoon kay Andrew. Mala-prinsipe naman kasi talaga ang kakisigan niyon; simpatiko at mukha pang mabait.

Ang totoo nga niyan, kahit siya mismo ay may nadarama ring lihim na atraksyon sa lalaki.

"PAHINGA KA muna bago maglaba, Lyra. Baka mapasma ka," sita ni Yaya Rose nang makitang patungo siya sa lababo at may bitbit na balumbon ng mga labahin.

Kauuwi lamang niya buhat sa shop at kahit pagod, hindi sumaisip niyang magpahinga nang mga oras na iyon. Marami siyang gawaing dapat unahin. Kaya nga hindi siya sumama kanina kina Zeny na mag-videoke ay dahil alam niyang maaaksaya lang ang oras niya.

Malimit kapag uwian ay nagkakayayaan ang mga ito na magliwaliw sa isang shopping arcade di-kalayuan sa shop nila, kasama ang ilang barkada ng mga ito na mga empleyado rin ng maliliit na establishments na katabi ng *Shoes Mio!*. Minsan lang siyang nakayag ng grupo sa pagvi-videoke at pagbo-bowling at hindi na naulit.

"Konti lang ho ito, eh," nakangiting sabi niya sa yaya. "Mahirap na kung matatambakan pa tayo ng labada."

Napabuntong-hininga ito. "Kung bakit kasi

dinapuan pa ako ng perhuwisyong trangkasong ito. Di sana'y ako na'ng gumagawa niyan."

"Si Yaya naman, sinisi pa ang trangkaso," biro niya. "Mabuti nga't pagaling na kayo."

Lumungkot ang anyo nito; waring hindi nakagaan sa loob ang sinabi niya. Lihim na naaawang tinitigan niya ang yayat na mukha ng sisenta años na matanda. Kapansin-pansin ang pagkahulog ng katawan nito nang nakaraang mga araw, bagay na nagdudulot sa kanya ng pagkabahala.

Hindi man niya kadugo si Yaya Rose ay itinuturing niya itong parang ina. Simula pagkabata ay ito na ang naging tagapag-alaga niya kaya alam niyang parang anak na rin ang tingin nito sa kanya. Mula nang sabay na mamatay sa aksidente ang mga magulang niya may limang taon na ang nakakaraan, ito na ang nagsilbing ama at ina niya. May mga kamag-anak siyang kumukuha sa kanya noon, pero mas pinili niyang pumisan kay Yaya Rose.

"Pasensya ka na, hija, kung nakakabigat ako sa 'yo," malungkot na sabi nito. "Nang dahil sa akin ay dumaranas ka ngayon ng ganitong paghihirap."

"Yaya, pag-uusapan na naman ba natin 'yan?" aniyang nag-uumpisa na ring maapektuhan sa tila

pagsesentimyento ng kausap.

“Totoo naman. Kung tutuusi’y maaari kang magsarili… ang mabuhay nang maalwan sa perang naiwan sa ’yo ng mga magulang mo. Pero mas pinili mong pumisan sa akin at magtiis sa hirap.”

“Si Yaya talaga,” naiiling na saad ni Lyra. Minabuti niyang magpaalam na rito upang simulan ang paglalaba. Ayaw man niya, pero talagang naapektuhan siya ng pagse-self-pity nito. Hindi tuloy niya maiwasang malungkot sa pagkakaalala sa masaklap na katotohanan.

Ang drama ng buhay niya ay maituturing na ‘from riches to rags’. Mula sa maginhawang pamumuhay nila noon, heto siya ngayon at nagdarahop.

Hindi naman niya gustong sisihin ang kanyang mga magulang sa sinapit niya ngayon, pero kapag hirap na hirap na siya sa buhay at pakiwari niya ay susuko na ang katawan niya, hindi niya maiwasang kahit papaano ay maghinanakit sa mga ito. Sana ay nakontento na lang ang mag-asawa sa maganda nang estado nila noon. Solong anak lang naman siya. Maliit na pamilya kung tutuusin at hindi nangangailangan ng napakarangyang pamumuhay.

Bata pa lang ay nasaksihan na niya ang ibayong

paghahangad ng mga magulang niya na lalong palaguin ang kabuhayan nila. Marami silang negosyo noon na bagaman small-time ay nagpapanhik naman sa kanila ng magandang income. Mayroon silang pagawaan ng tsinelas, livestock business at mga paupahang apartment. Pero ang mga iyon ay waring hindi pa nakasapat sa mga magulang niya at nagawa pang magpaakit sa noon ay nauusong networking at pyramiding business.

Lahat ng negosyo nila ay ginawang collateral ng mga ito para makautang sa bangko ng malaking halagang ipang-i-invest sa networking business. Huli na nang matuklasan ng mga itong isa lamang palang scam iyon. Nagkabaun-baon sila sa utang at naremata ng bangko ang mga properties nila. Ang tanging konsolasyong natira sa kanila noon ay ang bahay nilang hindi kasamang naisanla, at ang di-kalakihang bank savings na nakapangalan sa kanya na siyang ginamit nilang pantustos sa pamumuhay nila.

Quince años na siya noon at may muwang na upang maunawaan ang bigat ng pinagdaraanan nila, dangan at wala siyang kakayahang makatulong sa pagresolba ng mga problema. Ang tanging magagawa niya ay damayan ang mga magulang sa mga oras na desperado na ang mga ito.

Sa edad na iyon din ay ganap siyang naulila nang sabay na mamatay sa isang car mishap ang mag-asawa. Parang guguho ang mundo niya noon sa pamimighati. Mabuti na lang at nasa tabi niya at nakaalalay parati si Yaya Rose. Pinili niyang maging independent sa halip na pumisan sa mga kamag-anak. Namuhay silang magkasama ng tagapag-alaga at nagturingang tunay na magkapamilya.

Ipinasya niyang ibenta na lang ang namanang lupa at bahay dahil alam niyang mahihirapan din siyang i-maintain iyon at upang makalayo na rin sa mapapait na alaalang laging nagpapalumbay sa kanya.

Umupa sila ni Yaya Rose ng isang maliit na apartment at namuhay nang simple. Ipinagpatayo niya ito ng isang maliit na tindahan upang magkaroon ito ng mapaglilibangan habang siya naman ay patuloy na nag-aaral. Kahit paano ay nakaka-adjust na siya noon sa bago niyang pamumuhay.

Akala niya ay maayos na ang lahat para sa kanila ni Yaya Rose, ngunit muling sinubok ng tadhana ang katatagan nila. Isang matinding suliranin ang dumating sa kanila makalipas lang ang ilang taon.

Na-diagnose na may colon tumor si Yaya Rose nang ipasuri nila ang malimit na pananakit ng tiyan

nito. Kailangan nitong maoperahan kaagad upang hindi na kumalat ang cancer cells sa buong katawan.

Walang pagdadalawang-isip na nagpasya si Lyra. Inilabas niya sa bangko ang lahat ng perang nalalabi sa kanya at ipina-schedule ang operasyon ng tagapag-alaga.

Nang lumabas ang matanda sa ospital ay halos simot na ang pera niya. Ang natitira ay alam niyang mauubos din sa patuloy nitong chemotherapy at iba pang out-patient medications. Pero wala siyang pinanghihinayangan. Anumang yaman ay ipagpapalit niya mabuhay lang ang taong itinuturing niyang pangalawang ina.

Nagpasya siyang huminto sa pag-aaral kahit kalagitnaan ng semestre. Said na sila sa pera at ang edukasyon ay hindi na kasama sa mga priorities niya. Ang kailangan niya ay maghanap-buhay upang may makain sila.

Ang kapalaran ay dama niyang mailap para sa kanila. Anumang pagsisikap niya ay alam niyang walang ibinubunga. Kahit anong trabaho, basta marangal ay pinasok niya. Ang mahalaga ay huwag silang sumala sa oras ng pagkain at mamatay sa gutom.

Pero dahil parang ayaw silang tantanan ng kamalasan, ipinasya nilang mangibang-lugar na lamang at lisanin ang lalawigan ng Zambales. Para kasing wala roon ang suwerte nila.

Napadpad sila sa Peranda, isang bayan sa lalawigang sakop pa rin ng Region III. Nangyari iyon nang tanggapin nila ang alok ng isang kamag-anak ni Yaya Rose na si Mr. Ben Yulo, na mangamuhan dito.

Napatira sila sa isang maliit na paupahang apartment ng mga Yulo, di-kalayuan sa tahanan ng mga ito. Si Yaya Rose ay naging kusinera ng mga ito at nag-uuwian tuwing makatapos magluto. Siya naman, tinanggap na lamang ang alok ng lalaki na mamasukan sa isa sa mga chain of shoe repair shops nito.

Kahit pa pagsamahin ang kita nila ni Yaya Rose, kakarampot lamang iyon at sapat lamang sa pang-araw-araw nilang pangangailangan. Kung may magagawa nga lang siya ay ayaw na niya itong pagtrabahuhin, dangan at mapilit ito. Magaan lang di-umano ang gawain nito at kayang-kaya nito. Isa pa, hindi rin niya kayang mag-isa kung siya lang ang magtataguyod sa kanila.

Dahil sa sitwasyon nila, hindi na praktikal na

pangarapin niyang isang makisig na prinsipe ang mag-aahon sa kanila sa hirap. Kapit sa patalim na lang siguro ang sagot doon.

# 2

“Hay naku, Aling Sion, ang dami n’yong datung pero napakahilig n’yo sa mumurahing sapatos,” natatawang kantyaw ni Zeny sa may-edad na babaeng kausap nito na may dalang mga sapatos na pagawain.

Ngayon lang ito nakita ni Lyra at hula niya ay regular na itong customer ng *Shoes Mio!*.

“Bayaan mo na,” anitong natatawa. “Nagtitipid kami dahil nagpapagawa kami ng bahay.”

“Alam n’yo, Aling Sion, mas makakatipid kayo kung mamahaling sapatos ang bibilhin n’yo dahil mas matibay. Tingnan n’yo nga ’yan, que bagu-bago ’ika n’yo pero nagbibitak-bitak ang balat ng mga sapatos n’yo. Kumukupas pati ang kulay. Kasi synthetic leather lang ‘yan. ’Tapos, pinupunasan n’yo pa ng basang basahan.”

“Ano ba’ng dapat gawin para hindi magkaganyan?”

“Dapat lagyan n’yo ng biton. Siguradong kikinis ’yon.” Sinundan iyon ni Zeny ng hagikgik.

“’Kuu! Puro ka kalokohan,” natatawang sagot ng babae. “Pa’no, babalikan ko na lang ang mga ’yan sa makalawa? Pakintabin mong mabuti ang mga sapatos ko, ha?”

“Areglado, Aling Sion. Siguradong mapapahiya ang bumbunan ng mister n’yo.”

Naiiling na nagpaalam na ang matanda.

“Buti hindi napipikon sa ’yo si Aling Sion,” sabi ni Lyra sa kasamahan nang wala na ang customer.

“Sanay na sa akin ’yon. Magkaroskas naman kami.”

“Magkaroskas?” Kumunot ang noo niya.

“Oo, magkaroskas… as in, magkabiruan, magka-vibes. Kumbaga sa isang turnilyo, papasok lang ito sa butas kung saan kahulma niya ’yung roskas. Gets mo?”

“Ah, okay,” nangingiting tugon niya.

“Di ba kaibigan mo ’yung Japayuki na anak ni Aling Sion? Si Lilibeth?” pakikihalo ni Egay sa usapan.

“Excuse me! Hindi ko kaibigan ’yon, kaklase ko lang n’ong high school,” nakasimangot na turan

ni Zeny, halatang allergic sa Lilibeth na tinukoy ng lalaki. “If I know, hindi talaga siya cultural dancer d’on kundi pokpok. Para namang hindi ko alam na ambisyon talaga niyang maglibot sa buong mundo at maging OCW.”

“OCW? Overseas contract worker?” salo niya.

“Loka. Overseas comfort woman.”

Napahagikgik si Lyra.

““Tamo ‘tong babaeng ‘to kung makapanlait,” naiiling na sabi sa kanya ni Egay habang nakaturo kay Zeny. “Palibhasa naiinggit siya dahil ambisyon rin niyang mag-Japan, pero hindi naman makapasa-pasa sa audition. Saksakan kasi ng itim ang singit,” tuya nito na nilakasan pa.

“Ulol!” napipikong singhal ni Zeny rito.

“O, di napuruhan kita? ’Kala mo, ikaw na lang lagi ang bida, ha!” patuloy na pambubuska ng lalaki.

Napailing na lang si Lyra sa nakikitang pagtitiryahan ng dalawa. Sanay na siya sa mga ito. Minabuti niyang huwag nang makisawsaw at magtrabaho na lang. Nakakahiya kung dadatnan sila ng amo nila na tutunga-tunganga.

Tatlong beses sa isang linggo kung silipin sila

ni Mr. Yulo at hindi pa ito nagtatagal doon. Marami kasi itong ibang negosyong inaasikaso kaya parang ipinapaubaya na sa kanila ang pangangasiwa ng shop. Kapag hindi ito nagagawi roon ay si Zeny ang nagpupunta sa bahay ng mga ito upang mag-remit ng kita.

Dinampot niya sa rack ang isang pares ng leather shoes na panlalaki na kumukupas na ang pagkaitim at kailangang i-dye upang ma-retain ang dating kulay. Medyo mabusisi at makalat na trabaho ang kanyang gagawin kaya dinala niya ang sapatos sa kanilang maliit na lababo upang doon iyon tinain. Nagtimpla siya ng dye solution.

"Zen, pakitingnan naman kung tama itong timpla ko, o. Parang masyado yatang malapot," sabi niya sa babae. Hindi pa kasi niya gaanong kabisado ang tamang amount ng thinner na inihahalo sa jobush.

"Akin na 'yan," anito na hindi man lang sumusulyap sa kanya dahil abala sa pagti-text.

Binitbit niya ang plastic cup na pinaglagyan niya ng dye solution at lumapit kay Zeny. Marahang-marahan ang paghakbang niya upang hindi lumigwak ang dala niya. Gayunman, minalas pa rin siyang matisod sa isang nakakalat na sapatos sa sahig.

Napatili siya nang mawalan ng balanse at madapa. Hindi naman siya nasaktan pero ramdam niya ang nakakulapol na likidong pantina na lumigwak sa mukha niya, na sa dami ng tumapon ay namalisbis pa ang mga patak sa kanyang pisngi at baba bago tumulo sa sahig.

"Ay, ano ba 'yan!" bulalas ni Zeny na kaagad na nakalapit sa kanya upang daluhan siya, kasunod si Egay.

Nang makatayo si Lyra ay tinanggal niya ang suot na salamin sa mata saka inihilamos ang isang kamay sa mukha upang mabawasan ang sobrang likidong naroon.

"Maghilamos ka sa gripo, dali!" utos ni Zeny.

Tarantang napatakbo siya sa lababo at ginawa ang sinabi nito. Matagal niyang hinilamusan ang mukha upang makatiyak na walang mantsang maiiwan doon.

Nang patayin niya ang gripo ay nasa tabi na niya si Zeny. Iniabot nito sa kanya ng isang malinis na bimpo na kaagad naman niyang ipinunas sa mukha. "Pa'no ngayon 'yan? Mas maganda na ako sa 'yo."

"Ha?" Kinakabahang humarap siya sa isang maliit na wall mirror. "Diyos ko!" bulalas niya nang

makita ang tila mapang mantsa sa kanyang mukha. Medyo pumusyaw na ang kulay ng jobush pero pangit pa rin dahil para iyong malaking balat na concentrated sa kanang pisngi niya. May mga nag-blot din sa noo niya, baba at gilid ng mata.

"'Wag kang mag-alala. Di naman harmful sa skin ang jobush," ani Egay. "Matagal nga lang matanggal."

*Nanay ko po!* Lalo siyang nadismaya. Yumuko siya sa lababo at pakuskos na muling hinilamusan ang mukha, pero hindi nagtagal ay pinigil na siya ni Zeny.

"Tama na 'yan at baka mabura na 'yang mukha mo," biro nito. "Kung bakit naman kasi napaka-clumsy mo."

Napatingin siya rito habang muling tinutuyo ng bimpo ang mukha niya. Medyo humahapdi iyon at hula niya ay namumula rin dahil sa marahas na pagkuskos niya.

"Alam mo lagi kong napapansin na pirmi kang natatalisod, nababangga at nauuntog. Buti na lang maganda ka, kung hindi'y wala nang iibig sa 'yo."

"OA mo," nangingiting sabi ni Lyra kahit dismayado sa sinapit ng kanyang mukha. "Alam

mo namang malabo ang mata ko, kaya nga ako nakasalamin." Nang maalala niya ang kanyang salamin ay hinanap niya iyon ng tingin.

Nakita niyang hawak iyon ni Egay at pinupunasan ng malinis na tela, gamit ang isang uri ng chemical solution. Natapunan din kasi iyon ng pantina.

"S-salamat," sabi niya nang iabot nito sa kanya ang salamin. "P'wede rin ba 'yan sa mukha ko?" Ang botelya ng stain remover na hawak nito ang tinutukoy niya.

"Naku, hindi ito puwede sa balat. Pangkatad lang 'to. Sinubukan ko nga lang sa salamin at p'wede pala."

"Gaga! Gusto mo bang maagnas ang mukha mo?" pananakot sa kanya ni Zeny. Hinila siya nito at pinaupo sa isang bangkito. Kumuha ito ng bulak na nilagyan ng facial cleanser saka iyon ipinahid sa mukha niya.

"Matatanggal pa kaya ang mantsa sa mukha ko?" kinakabahang tanong ni Lyra, nag-aalalang baka permanente nang magkamarka ang kanang bahagi ng mukha niya.

"Oo naman," natatawang tugon nito. "Kumukupas din ang dye sa balat. Unti-unti nga lang at aabutin

ng ilang araw. Basta medyo kuskusin mo lang pag naghihilamos—" Natigilan ito sa ginagawang pagki-cleanse sa mukha niya nang mapatitig sa mga mata niya. "Ang ganda pala ng eyes mo. Ang ganda ng shape at ang haba ng mga pilik."

"Hindi naman," nahihiyang sabi ni Lyra.

"Alam mo, 'yung ganyang mata, hindi dapat itinatago sa likod ng salamin. Malabo ba talaga ang paningin mo?"

"Hindi naman. Fifty-fifty lang ang grado ng lens ko. Near-sighted ako at hindi naman ganoon kalabo ang tingin ko sa malayo. Pero payo ng doktor na magsalamin ako lagi para gumaling ang astigmatism ko."

Tumangu-tango ito at ipinagpatuloy ang ginagawa. Nilagyan pa siya ng makeup para matakpan daw ang mantsa sa mukha niya.

"Dyaran!" natatawang sabi ni Zeny pagkatapos ng ilang minuto. "O, 'ayan, mukha ka nang clown."

"Ginawa mo naman parang Mama San sa beerhouse si Lyra," komento ni Egay habang nakamasid sa kanila. Parang hindi ito natutuwa sa ginawa ng babae sa kanya.

Tiningnan ni Lyra sa salamin ang kanyang mukha. Para ngang sumobra ang inilagay na makeup ng kaibigan pero hindi naman ganoon kasagwa. Visible pa rin ang tila mapang mantsa sa mukha niya na bahagya lang natakpan ng blush-on, pero medyo umayos na ang hitsura niyon kaysa dati. Siguro mag-a-apply na lang siya ng makeup araw-araw hangga't hindi tuluyang nawawala ang marka ng tina roon.

Napabuntong-hininga siya, pagkuwan ay tumayo na upang ituloy ang ginagawa kanina.

Pare-pareho na silang abala sa pagtatrabaho nang may dumating na bisita sina Zeny at Egay. Dalagita iyon at kaibigan di-umano ng mga ito, may dalang imbitasyon para sa gaganaping fifteenth birthday party nito.

Sa maikling pagpapakilala ni Zeny, nalaman niyang Marinel ang pangalan nito, bunsong anak ni Mayor Rodolfo Sandejas at kapatid ni Andrew. Pinagtatakhan niya kung paanong naging kaibigan ng dalawa niyang kasamahan ang mayamang dalagita. Maganda ito at napakakinis ng mamula-mulang balat. Kahit rugged ang outfit nito, halata sa mga kilos ang taglay na breeding.

Parang sanay na ito sa kanilang shop. Pumasok pa ito roon at nagpasikut-sikot sa loob, nagmasid-

masid.

"Alam ba ng kuya mong nandito ka?" tanong ni Zeny rito habang patuloy sa pagtatahi sa isang leather bag sa makina. "Mamaya hanapin ka na naman nila."

Inalis ni Marinel ang tingin sa rack ng mga sapatos na naka-display at bumaling kay Zeny. "Oo naman," nakangiting sabi nito. "Takot na yata akong masabon."

Natawa ang nakatatandang babae. Sa pahapyaw na pagkukuwento nito, nalaman ni Lyra kung paanong napalapit si Marinel sa mga ito. Nagtampo di-umano ang dalagita sa Kuya Andrew nito dahil napagalitan sa ginawang pagsama sa outing ng mga kabarkada nito nang hindi nagpapaalam. Sa pagsesentimyento ay napagawi ito sa shop nila at nakilala sina Zeny, Gina at Egay. Si Gina ay dating empleyado sa shop; ito ang pinalitan ni Lyra nang umalis ito dahil nag-asawa na. Nagpalipas nang ilang oras doon si Marinel. Mula noon ay madalas na itong napapasyal sa shop.

Nakikita niya na mukhang mabait ang dalagita at palakaibigan. Wala sa hitsura nito na nang-uuri ng kapwa.

“Punta ka rin sa birthday ko, ha, Lyra? Sa katapusan na ’yon,” magiliw na sabi nito sa kanya nang huminto sa tabi niya. Saglit na pinanood nito ang ginagawa niya, pagkuwan ay tumitig sa kanyang mukha nang may pagtataka at curiosity. Waring may nakikitang kakaiba roon.

Naaasiwa at nahihiyang iniiwas niya ang tingin. Naisip niyang nakakatawa naman talaga ang mukha niyang may marka ng tina at punung-puno pa ng makeup.

“S-sige, susubukan ko,” ani Lyra, pabalat-bunga. Hindi naman siya interesadong dumalo sa naturang party.

“Hello! Good morning!”

Sabay-sabay silang napalingon sa pinagmulan ng masiglang tinig na iyon. Nasa labas ng shop si Andrew, ang malawak na ngiti ay tila sa kanilang lahat nakaukol.

Saglit ay parang lumundag ang puso ni Lyra at bumara sa kanyang lalamunan habang nakatitig sa guwapong mukhang iyon. Nang mapatingin sa kanya ang binata ay conscious na napayuko siya, upang itago rito ang nakakahiya niyang hitsura.

# 3

"Hi!" ulit na bati ni Andrew sa kanilang lahat.

"Oh, hi!" Ngiting-ngiti si Zeny rito; halata ang kilig sa tinig. "Napasyal ka?"

Napuna ni Lyra na parang at ease na ang babae sa bagong dating na animo malapit itong kaibigan. O sadya lang malakas ang loob nito kaya parang hindi na nahihiya?

"Tara, tuloy ka," anang dalaga rito.

Walang pagdadalawang-isip na pumasok ito sa loob ng maliit na shop. Tinapik nito sa braso si Egay bilang pagbati. "Ikaw si Egay, di ba?" nakangiting tanong nito.

Tumango ang binatang kasamahan, parang nahihiyang ngumiti.

Higit na makisig pala si Andrew sa malapitan, naisip ni Lyra habang palihim itong inoobserbahan. Habang nakamata sa dalawang lalaki ay nakita niya ang malaking pagkakaiba sa hitsura ng mga ito. Matangkad at guwapo rin naman si Egay, pero nagmumukha lang itong bodyguard kung

ikukumpara kay Andrew. Sa suot na executive suit ng huli ay alangang-alangan ito sa lugar nila.

Binalingan nito si Zeny. “Ikaw naman si Zonia, right?”

“Left!” pabirong sagot ng dalaga. “Este, no. Hindi Zonia, Zeny.”

“Sorry,” natatawang sabi ni Andrew saka binalingan siya. “And you’re Gina, if my memory serves me right.”

“H-hindi po,” kiming sabi ni Lyra, waring pinitpit na luya. Hindi niya maunawaan ang nadarama niyang pagkailang at pagkatensyon sa presence ng lalaki. Lalo pa at nakangiti ito sa kanya.

“Si Lyra ’yan, Kuya. Wala na si Gina,” singit ni Marinel.

“Gan’on ba? Pasensya na, hindi ko na gaanong maalala ang hitsura ni Gina. Minsan lang kasi ako napunta rito, noong maglayas ka at hanapin kita.”

“Kuya naman, eh. Hindi ako naglayas noon, ah,” napaingos na sabi ng dalagita pero natatawa.

“Sinusundo mo na ba si Marinel?” tanong ni Egay.

"Actually, I just dropped by to make sure na mapapapapayag niya kayong dumalo sa party niya. I'm backing her up, you know." Tumawa pa si Andrew.

"Para ngang ayaw nila, Kuya," tila pagsusumbong ng dalagita. "Umoo sila, pero sa ilong naman lumabas ang sagot. I have this feeling that they won't come."

"A-ang totoo..." ani Zeny na napakamot sa ulo. "Ako, sure kong hindi ako makakarating. Ewan ko sila." Ininguso nito silang dalawa ni Egay.

Iniiwas ni Lyra ang tingin. Bukod sa naaasiwa siya sa manaka-nakang pagsulyap ng magkapatid sa kanya ay talaga namang ikinahihiya niya ang kanyang anyo.

"Bakit hindi?" tila nagtatampong tanong ni Marinel.

Si Egay ang sumagot, "Ma-a-out of place lang kami roon. Hindi kami bagay sa mga ganoong okasyon."

"Oo nga. Baka magkalat lang kami," susog ni Zeny.

"Nonsense," sambot ni Andrew, nangungumbinsi ang pagkakangiti. "Kaibigan kayo ni Marinel at hindi malulubos ang kasiyahan ng kapatid ko kung

hindi ninyo mapagbibigyan ang isang munting imbitasyon."

"Pero…" Si Zeny, tila nagtatangkang tumutol.

"Saka imbitado rin ang mga empleyado ng bangko. Marami kayong kakilala sa kanila, di ba?" patuloy nito. "Hindi kayo maaalangan sa party, trust me. Kung kinakailangang ipasundo namin kayo sa driver, gagawin ko just to be sure you will arrive."

"Wow! Para naman akong prinsesa n'on na sinusundo pa ng tauhan ng palasyo," kinikilig na palatak ni Zeny, halatang nakukumbinsi na.

"Yeah, that's right," natatawang sabi ni Andrew.

"Naku, 'wag na lang pala," biglang bawi muli ni Zeny.

"H-hindi kayo dadalo?" natitigilang saad ng lalaki.

"Dadalo. What I mean is, 'wag mo na lang kaming ipasundo. Nakakahiya. Kami na lang ang pupunta r'on."

"Ah," napapangiting tango ni Andrew. "So, paano? Okay na?" Tiningnan nito si Egay. "Pare?"

Parang napipilitan lang na tumango ang lalaki.

Siya naman ang binalingan ni Andrew. "Lyra?"

Tutop ang isang pisngi, napilitan siyang tumingin dito at ngumiti, pagkuwan ay ngumiti rin kay Marinel. "S-sige, pipilitin kong makadalo," sabi niya. Sa sarili ay nakapagpasya na siyang hindi talaga siya darating sa nasabing okasyon. Maano ba naman iyong mangako siya para huwag magdamdam ang dalagita?

"'Ayan," tila nasisiyahang turan ni Marinel.

""Ay, naku! Teka nga pala muna," ani Zeny nang may maalala, pagkuwan ay binalingan si Egay. "Egay, b'ili ka naman ng soft drinks para sa mga bisita natin."

"Oh, no. No, thanks," maagap na tanggi ni Andrew, nakangiti. "Next time na lang siguro. May meeting pa akong dadaluhan. Napadaan lang ako para tulungan nga si sis na kumbinsihin kayo."

"Gan'on ba?" tumatangong sabi ni Zeny.

"Pa'no, kid?" baling nito kay Marinel. "Dito ka muna?"

"Sasabay na 'ko, Kuya. Pupunta pa ako sa mga kaklase ko." Ipinakita nito sa kapatid ang malaking plastic envelope na naglalaman ng mga invitation

cards.

Nang makapagpaalam sa kanila ay umalis na ang magkapatid. Nanatiling nakatuon ang tingin ni Lyra sa pintuang dinaanan ng dalawa.

"Hoy, natulala ka na d'yan." Tinapik ni Zeny ang braso niya nang mapunang tila naglilimayon ang kanyang diwa. Napatingin siya rito. "Kanina ka pa speakless," komento nito.

"Speechless," natatawang pagtatama niya.

"Pareho din 'yon. Pero 'wag mong ibahin ang topic. Bakit 'ika ko tulala ka riyan? Iniisip mo si Pogi, 'no!"

"S-sinong Pogi?" pagmamaang-maangan niya.

"Aba, kunwari pa ang hitad. As if naman hindi mo alam na si Andrew ang tinutukoy ko, 'no!"

"H-hindi," pagkakaila pa rin niya gayong ang totoo ay hindi makatkat sa isip niya ang guwapong anyo ng binata. "Iniisip ko lang kung magtatampo kaya si Marinel pag hindi ako um-attend sa party niya."

"H-hindi ka pupunta?" maang na bulalas ni Zeny, nalihis kaagad ang atensyon mula sa naunang topic na pinag-uusapan nila. "Naku! Magdaramdam

nga ’yon. Nangako na tayo sa kanilang magkapatid. Baka sabihin namang wala tayong palabra de honor.”

Natigilan si Lyra. Ngayon lamang niya naisip ang implikasyon ng sinabi ni Zeny. Parang hindi nga yata maganda na baliin nila ang nabitiwan nang pangako. Pobre na nga sila ay hindi pa mapanghahawakan ang mga salita nila. Para na rin silang walang karangalan niyon.

Saka nakakahiya ring biguin nila ang imbitasyon ng magkapatid gayong halos makiusap pa ang mga ito kanina. Hindi tamang ang mga tulad lang nila ang mambabalewala sa mga ito. Dapat nga ay ma-flatter pa sila na binibigyang-importansya sila ng mga taong kaparis nina Marinel at Andrew.

“Pero pa’no ‘tong mukha ko kung dadalo tayo?” nag-aalangan pa rin na tanong niya.

“’Susme! Pinoproblema mo ’yan? Sa katapusan pa ang party. Wala pang isang linggo, mabubura na ’yang patsi-patsi sa mukha mo.”

“At pa’no ang isusuot ko?” aniyang ngayon lang naisip ang aspetong iyon. Noon ay marami siyang magagarbong damit pero nang magsimula silang mamulubi ni Yaya Rose, ipinasubasta niya ang mga iyon sa isang garage sale, sa tulong ng isang kaibigan.

"Hay, naku!" sabi ni Zeny. "'Wag mong alalahanin 'yon. Kung damit lang, marami tayong madidilhensya."

"Talaga?"

"Oo. Ako'ng bahala sa outfit at hitsura mo. Trust me because I'm your fairy godsister. Kailangan nating magpaganda nang husto dahil malakas ang vibes kong sa party na 'yon ay matatagpuan na natin ang ating mga prinsipe."

Napangiti si Lyra. Parang gusto niya ang ideya ng kaibigan.

MAGHAHATINGGABI NA ay hindi pa rin dalawin ng antok si Lyra. Ayaw mawala sa imahinasyon niya ang guwapong mukha ni Andrew.

Ni minsan sa buong buhay niya, hindi siya nagkaroon ng ganitong pagkabagabag dahil sa pag-iisip sa isang lalaki. Palahanga siya sa magagandang anyo pero ngayon lang siya nagkaroon ng ganito katinding crush. Ni hindi pa nga niya nararanasan ang magkanobyo kahit maraming nanliligaw sa kanya. Ang atensyon niya ay nakatutok lang sa kanila ni Yaya Rose.

Pero ngayon, parang natututo siyang mangarap sa isang lalaki. *Iba naman kasi si Andrew*, katuwiran niya sa isip. Ang kakisigan nito ay parang hindi lang sa panlabas kundi maging sa panloob. Low profile ito na paris din ng kapatid, hindi kababakasan ng pagmamataas. Kanina ay damang-dama niya ang sinseridad ng mga ito sa pakikitungo sa kanila, bagay na hindi niya maramdaman sa ibang mayayamang nakakaharap niya.

Gayunman, hindi siya nangangarap na ang isang tulad niya ay papansinin ng isang Andrew Sandejas. Mukha man itong mabait, siyempre naghahanap pa rin ito ng kaparis nito, iyong hindi alangan dito at hindi nito ikahihiyang iharap sa lipunang ginagalawan nito.

Napabuntong-hininga si Lyra at mapait na napangiti. Naisip niyang si Andrew ay mananatili na lamang na isang Prince Charming sa kanyang imahinasyon.

BISITA NILA ULI si Marinel sa shop kinabukasan. Kinumpirma nito ang pagdalo nila sa kaarawan nito.

"Hindi ba talaga nakakahiya?" ani Zeny na kunwa ay nagpapakipot pa gayong halata naman

ang excitement. Nakaumpok sila sa isang mesita habang pinagsasaluhan ang malaking pizza na dala ni Marinel.

Palibhasa ay likas na friendly at tactful ang teenager, unti-unti nang napapalagay ang loob ni Lyra rito. Halatang sanay itong makisalamuha sa maliit na tao at i-adapt ang sarili sa tulad nila.

Parang nakikita niya kay Marinel ang sarili niya noong dalagita pa lang siya at nakakariwasa pa sila. Sa murang edad ay sinanay na siya ng mommy niya ng tamang pakikipag-PR at pakikihalubilo sa iba-ibang klase ng tao. Madalas ding may okasyon sa kanilang bahay noon at bata pa lang ay puring-puri na siya ng mga tao dahil sa husay niya sa pag-eestima ng mga bisita.

Ngunit nang maghirap sila at talikuran ng mga kakilala at kaibigan, nagkaroon ng malaking pagbabago sa katauhan at attitude niya. Kasabay ng unti-unting pagbaba ng kanilang social standing, lumiit ang kumpiyansa niya sa sarili at nagkaroon siya ng sense of inferiority. Naging mahiyain at detached na rin siya.

"Ano naman ang nakakahiya d'on?" natatawang tanong ni Marinel. "Personal ko naman kayong inimbita, ah. Taun-taon talaga, gusto ko maraming

bisita pag birthday ko para mas masaya."

"'Sabagay, mas masaya nga iyon," ani Zeny na biglang napasimangot. "Kaso naiilang kami doon sa syota ng kuya mo, kay Lucette. Baka lapain kami."

Natawa ang dalagita. "Bakit kayo maiilang sa kanya? Bisita lang din siya. Saka hindi girlfriend ni Kuya 'yon. Kinakapatid lang namin, inaanak ng Daddy."

"Talaga?" galak na sabi nito. "Eh, bakit laging nakabuntot sa kuya mo?"

"Ewan ko ba d'un. Naaasar na nga si Kuya sa babaeng 'yun kaya madalas pinagtataguan na niya."

"Pero bakit nga ganoong umasta si Lucette kung wala naman pala silang relasyon?"

"Siguro dinibdib niyang mabuti 'yung biruan ng daddy ko at daddy niya noon na sila ni Kuya Andrew ang magkakatuluyan balang araw. Parang kasunduan ba. But the compadres themselves were not even a whit serious about their pact. Si Lucette lang ang sumeryoso n'on. Pinagbibigyan lang siya ng kuya ko sa mga kahibangan niya dahil may suicidal tendency ang babaeng 'yon."

"Gan'on?" bulalas ni Zeny, halatang nabigla sa

tsismis na nasagap. “Kawawa naman pala ang kuya mo. Parang kargo pa niya ngayon ang Lucette na ‘yon.”

“Oo nga. Pero humahanap lang si Kuya ng buwelo para derechahin si Lucette na walang aasahan sa kanya. When he finally meets the woman of his dream, he’ll dump that Lucette right there and then, come what may.”

“Kaso mukhang nalululong ang kuya mo sa pagnenegosyo, pa’no niya makikilala ang woman of his dream na sinasabi mo?” komento ni Egay.

“Kaya nga gumagawa na ako ng paraan para mapabilis ang paghahanap niya kay Miss Right. Aba, twenty-nine na siya at siya ang panganay pero naunahan pa siyang mag-asawa nina Ate Caroline at Kuya Dennis.”

“P-pakiulit nga, Marinel,” ani Zeny. “Tumutulong ka ‘ika mo sa kuya mo sa paghahanap kay Miss Right?”

“Exactly!” nakangiting sang-ayon ng dalagita. “At malakas ang kutob kong doon sa party ko matatagpuan ni Kuya ang kanyang prinsesa.”

“Oh, my God!” bulalas nito, kinikilig. “Parehas tayo ng vibes! Malakas din ang kutob kong sa party

mo… doon ko matatagpuan ang aking Mr. Right. Hindi kaya kami ng kuya mo ang magkakatuluyan? Palagay mo?”

“Ambisyosa ka talaga!” pambubuska ni Egay rito.

Sabay-sabay silang nagkatawanan.

“HELLO!” masiglang bati ng isang babaeng customer, dahilan para sabay-sabay silang mapatingin dito.

May hitsura ang babae kahit may kakapalan ang makeup. Sexy itong tingnan sa suot na lady sando at shorts na maong. Ang katawan nito ay namumutiktik sa alahas.

“Oh, hi! Ikaw pala, Lilibeth,” nakangiti ring bati ni Zeny nang makilala ang babae. Ngiting di niya matiyak kung sinsero dahil waring sumobra sa lawak habang nakataas ang isang kilay. “Kelan ka pa dumating?”

“Last week pa,” matipid na tugon ng babae pero hindi naman nawawala ang ngiti.

Naisip niyang ito pala ang Lilibeth na pinag-uusapan nina Egay at Zeny noong isang linggo na

entertainer di-umano sa Japan.

"O, kumusta ang Japan?" tanong ng kasamahan niya sa tono na nahigingan niyang tila nang-uuyam.

Bagay na waring nasagap din ni Lilibeth. Nagkibit-balikat ito at bahagya ring umangat ang isang kilay. "'Ayun, nand'on pa rin, hindi nawawala."

Natameme si Zeny, pumakla ang ngiti. At dahil katabi niya ito, parang naulinigan pa niya ang pagigil na bulong nitong, "Antipatika."

Halatang nagmamadali kaya sinabi kaagad ni Lilibeth ang pakay na pagpapa-repair ng sapatos. Inilabas nito mula sa dalang bag ang isang pares ng glass shoes na halatang imported at mamahalin. "Nabali ang takong ng kanang paa," pagkukuwento nito. "Pinaglaruan ng pamangkin kong paslit at pinukpok yata ng bato."

Kinuha ni Egay ang sapatos at sinuri. Bali nga ang takong ng kanang paa niyon. "Wala kaming available na replacement dito," anito nang tumingin sa babae. "Semi-fiberglass itong heels mo, mahirap maghanap. Kakailanganin pa naming mag-order. Kapag wala kaming nakitang kahawig, okay lang ba sa 'yo na ibang klase ang ilalagay namin?"

"Sige. Basta magkapares, ha?" biro ni Lilibeth.

"Oo naman," natatawang sabi ni Egay. "Papalitan din namin s'yempre 'yung isang takong. May kataasan nga lang ang price. Alam mo na, genuine din s'yempre ang ilalagay namin dahil orig itong sapatos mo."

"Ayos lang. Wala tayong pag-uusapan sa presyo. Paborito ko lang kasi talaga 'yan at nakakapanghinayang kung hindi ko na magagamit. Bale, kelan ko pala makukuha?"

"Next week. Mga Tuesday."

"Okay," sabi ni Lilibeth at nagpaalam na.

"Antipatika talaga ang gaga, ever!" nanggigigil na bulalas ni Zeny nang pasakay na si Lilibeth sa kotse nito. "Saksakan ng plastic!"

"Nakow, umandar ka na naman! Ikaw nga 'tong plastic," sarkastikong sabi ni Egay. "Inggit lang 'yan."

"Heh!"

"Mukha naman siyang okay, ah," komento ni Lyra.

"Hay, naku! Malandi siya, in fairness," ani Zeny.

Naiiling na napangiti na lang siya at hindi na pinansin ang pag-iinarte nito. Naisip niyang

insecure nga marahil ito kay Lilibeth kaya nilalait nang talikuran.

Dinampot ni Lyra ang isang paa ng sapatos ni Lilibeth at humahangang pinagmasdan iyon. Natuklasan niyang hindi naman pala talaga glass shoes iyon dahil flexible. Gawa iyon sa isang high-quality transparent plastic material na para talagang kristal.

Kakatwa pero ano ba't bigla ay nagkaroon siya ng isang vision. Suot daw niya ang sapatos na iyon, katerno ng isang maringal na gown. Ang scenario ay sa isang ballroom party kung saan kasayaw siya ng isang prinsipe.

Ibig mangiting ipinilig niya ang ulo nang bumalik ang isip niya sa normal na diwa.

ANG GULAT NIYA nang pag-uwi sa kanila nang hapong iyon ay ipakita sa kanya ni Yaya Rose ang gown na hiniram nito di-umano sa bunsong anak ni Mr. Yulo na si Arlene. Ginamit daw ang gown na iyon nang magdaos ng debut party ang dalaga noong isang taon.

Minsan ay nabanggit ni Lyra sa matanda ang tungkol sa imbitasyon sa kanya ni Marinel na dumalo

sa party nito. Palibhasa'y parang napagkuwentuhan lang naman nila iyon, hindi sumaisip niyang seseryosohin nito iyon at magbubunsod upang ipanghiram pa siya nito ng damit.

"Bakit naman minolestya n'yo pa si Arlene?" natatawa pero touched na sabi niya habang nakatingin sa gown na inilatag ni Yaya Rose sa ibabaw ng kama niya.

"'Kuu! Maano naman? Siya nga ang nagboluntaryong ipahiram 'yan sa 'yo nang ikuwento kong dadalo ka sa party at walang maisuot."

Hindi siya makapaniwalang nagmagandang-loob si Arlene na pahiramin siya ng damit dahil may kasungitan ito at hindi naman sila close. Pero hindi na niya masyadong inintindi iyon dahil excitement ang mas nadarama niya ngayon habang nakatingin sa maringal na kasuotan. Pink evening gown iyon na tantya niya ay ankle-length at may bodice. Yari iyon sa satin fabric at may double spaghetti straps. Simple lang ang tabas pero elegante.

"Hindi naman ako siguradong makakapunta sa—"

"Anong hindi? Maglubay ka nga," parang galit kaagad na sansala ng babae. "Hala, isukat mo 'yan.

Para kung masikip, magawan natin ng paraan kung paano mapahuhusto sa 'yo."

Bumuntong-hininga muna si Lyra bago tumalima. Isinuot niya ang baro at sa kanyang pagkamangha, eksakto iyon sa kanya. Kitang-kita ang magandang kurba ng katawan niya. Parang ayaw nga niyang maniwalang sarili ang tinitingnan niya sa salamin.

"Panahon na para pagtuunan mo naman ng pansin ang sarili mo, Lyra," ani Yaya Rose na sa repleksyon niya nakatingin. "Ayokong maburo ka nang dahil sa pag-iintindi sa akin. Matanda na ako at gusto kong pagpikit ng mga mata ko ay nasa maayos kang katayuan."

"Yaya…" parang maiiyak na saway niya rito.

"Hanapin mo ang kapalaran mo, anak."

# 4

Dumating ang araw ng kaarawan ni Marinel. Hindi halos makapaniwala si Lyra sa transformation ng imaheng nakikita niya sa harap ng salamin sa aparador. Para siyang isang prinsesa sa ringal ng gayak.

Wala na siyang problema sa kanyang mukha. Kuminis na muli iyon at nawala na ang marka ng leather dye sa loob lamang ng ilang araw.

Tamang-tama lang ang pagkaka-makeup ni Zeny sa kanya. Ang gusto sana niya ay lipstick at powder lang ang ilagay sa kanyang mukha, pero nagpilit ito na lagyan siya ng foundation at blusher para lumitaw raw ang pagkamestiza niya. Nagustuhan naman niya iyon dahil sa kaaya-ayang epektong idinulot niyon sa anyo niya. Eyeliner lang ang ini-apply nito sa contour ng mga mata niya at hindi na nilagyan ng eyeshadow. At dahil mahahaba ang pilik niya, pinatikwas na lang nito ang mga iyon gamit ng eyelash curler at hindi na nilagyan ng mascara.

Ang buhok niya ay pa-spiral na ipinusod nito sa tuktok ng kanyang ulo, gamit ang mga gold clips. Inadornohan din nito iyon ng makeshift coronet mula

sa isang gintong kuwintas na may mga palamuting puso na ginto rin.

Lihim na humanga siya sa pagiging creative ni Zeny sa pagpapaganda. Mahusay ito sa mix-match ng mga aborloloy na hindi masagwa ang kalalabasan.

Matapos siyang tulungan nito na isuot ang gown niya at paikutin sa harapan nito, napapalatak ito sa paghanga. "Wow! Para kang si Princess Diana," anito.

"Hindi kaya over naman yata ang ayos ko?" nag-aalalang tanong niya.

"Over ka d'yan. Tamang-tama lang naman, ah. Ang mahalaga, hindi ka madedehado sa ibang guests kung patalbugan ng beauty ang pag-uusapan."

"Iyon nga, eh… H-hindi naman beauty contest ang pupuntahan ko. Sana, mas simple na lang ang—"

"Ay, naku! 'Wag ka nang makipagtalo sa 'kin at di ka mananalo. Nakagayak ka na, wala nang atrasan 'to."

Hindi kumibo si Lyra at pinanood na lang sa salamin ang pagsusuot nito sa kanyang leeg ng kuwintas na gawa sa perlas, katerno ng isinuot

nitong perlas din na hikaw sa magkabilang tainga niya. Ilan lang ang mga iyon sa santambak na abubot na bitbit nito na ang karamihan ay fancy at fake.

"Alam mo, kahit hindi ako makadalo sa party ni Marinel, parang naroon na rin ang presence ko kasi ganyan sana ang binabalak kong gawing ayos sa mukha ko. O, di ba, ang taray?" ani Zeny na humagikgik pa.

Naisip niyang pakonsuwelo-de-bobo lang nito sa sarili ang sinabi. Siyempre, masama sa loob nitong hindi makadalo sa pagdiriwang na noon pa nito hinihintay. Wrong timing ang pagkakaroon nito ng LBM at kahit nakailang inom na ng Diatabs ay walang epekto. Pinili na lamang nitong huwag nang sumama sa kanila ni Egay dahil ayaw nitong magkalat sa party. Nalulungkot siya para sa kaibigan at lihim na naaawa rito.

Alas siete ang simula ng party pero pasado alas seis na ng gabi ng Linggong iyon nang dumating sa kanilang bahay sina Egay at Zeny. Doon ang meeting place nila dahil aayusan pa siya ni Zeny. Kaya naman pala si Egay lang ang nakagayak ay dahil hindi makakasama ang babae.

Sa una ay napagdesisyunan nila ni Egay na huwag na lamang tumuloy sa pagtitipon dahil hindi

nga makakadalo si Zeny. Subalit nakialam si Yaya Rose at sinermunan sila. Walang nagawa si Lyra kundi ang maghanda para sa party ni Marinel.

"O sige, magsapatos ka na," utos nito matapos siyang wisikan ng dala nitong perfume na alam din niyang imitation, bagaman mabini naman ang amoy.

Kinuha niya ang itim at bahagyang may takong na sapatos na siyang isusuot niya. Sapatos pa niya iyon noong magtapos ng high school pero uubra pa. Matibay pa iyon at talaga namang pinakintab niya nang todo kanina. Iyon nga lang, alam niyang hindi iyon bagay sa gown niya.

"Hoy, ano ka!" nababaghang sabi ni Zeny nang makita ang sapatos niya. "Hindi 'yan ang sinasabi kong isuot mo. 'Eto." Iniabot nito sa kanya ang isang paper bag.

Kinuha niya iyon at inilabas ang laman. Napasinghap siya sa pagkabigla nang tumambad sa kanya ang isang pares na glass shoes na kaagad niyang nakilala kung kanino.

"Kay Lilibeth 'to, ah," natitigilang sabi niya.

"Eh, ano? Hihiramin mo lang naman ngayong gabi. Hindi naman niya malalaman. Sa Martes pa 'yan kukunin ng bruha. Buti nga't nagawa agad ni

Egay 'yan kahapon."

"B-baka magalit si Sir," nag-aalalang turan niya.

"Bakit, sino'ng magsasabi kay Sir? Huwag ka nang umangal, 'no! Napagkasunduan na namin ni Egay na 'yan ang ipasuot sa 'yo. Kaya nga kami naantala ng pagpunta rito dahil dumaan pa kami sa shop. Huwag mong sabihing babalewalain mo ang pagod namin."

"Parehas kayo ni Yaya Rose, nagpapasya kayo para sa akin nang hindi ako kinukonsulta," aniyang hindi matiyak ang eksaktong nararamdaman.

"Naku! 'Wag ka na ngang magtampo d'yan," tila pagbibiro ni Zeny upang pangitiin siya. "Kaibigan mo kami ni Egay at tulad ni Yaya Rose, nagmamalasakit din kami sa iyo. Hangad namin ang makagaganda sa 'yo."

Napangiti na si Lyra, lihim na na-touch sa sinabi nito, pagkuwan ay isinuot na ang sapatos kahit nag-aalanganin pa rin. Sana nga ay hindi na makakaabot sa kaalaman ni Lilibeth at ni Mr. Yulo ang kapangahasan nilang ito.

Medyo maluwag ang sapatos pero puwede na. Mag-iingat na lang siya para hindi iyon mahugot sa paglakad.

Nang isusuot na niya ang kanyang salamin sa mata ay pinigilan siya ni Zeny. "Gaga, sisirain mo'ng hitsura mo," anito, natatawa. "Hindi naman ganoon kalabo ang mata mo, di ba? Ba't magsasalamin ka pa? Hindi bagay."

Nagkibit-balikat siya at hindi na tumutol.

Nang lumabas sila sa sala, ganoon na lang palatak nina Yaya Rose at Egay. Napatayo pa nga ang binata, waring namamalikmatang hindi maalis-alis ang titig sa kanya. Hindi tuloy niya mapigilang ma-conscious.

"Pa'no, lalakad na ba tayo?" ani Egay mayamaya.

"Lumakad na kayo. Masyado na kayong atrasado sa oras. Para kayong VIP," ani Yaya Rose.

Ngumiti si Lyra, pagkuwa'y binitbit na niya ang kanyang regalo para kay Marinel. Stuffed toy iyon na binili niya kaninang umaga pagkatapos niyang magsimba. Naisip nga niyang nakakaalangang ipanregalo iyon sa paris ni Marinel, pero iyon lang ang nakayanan ng bulsa niya.

Sabay-sabay silang lumabas ng bahay. Si Yaya Rose ay para ihatid sila hanggang gate, si Zeny ay upang umuwi na. Dahil maraming dumaraang tricycle sa lugar nila kahit hindi highway, ipinasya

nilang doon na lamang mag-abang ng masasakyan. Hindi muna umalis si Zeny dahil ang gusto ay paunahin muna sila. Si Yaya Rose ay ayaw pa ring pumasok sa bahay, panay ang bilin na mag-ingat sila.

Pinapara ni Egay ang isang padaang tricycle nang mapuna niyang natutop ng matanda ang dibdib nito at marahas iyong hinimas-himas. Nakangiwi ito at waring may kung anong nadaramang kirot na nagmumula roon.

"Yaya, bakit?" nababahalang tanong ni Lyra na napahawak pa sa braso nito.

"W-wala ito," anito, pilit ngumiti. "Hangin lang."

"'Wag na kaya kaming lumakad?" di mabawasan ang pag-aalang sabi niya.

Tiningnan siya nito nang mataman. "Magagalit ako kapag hindi kayo tumuloy," matigas na sabi nito.

"Pero…" Helpless na napatingin siya kina Zeny at Egay. Halatang worried din ang mga ito.

"Wala nga ito," paniniyak ni Yaya Rose na pinasigla pa ang tono. "Ganito talaga ang tumatanda, maraming hangin sa katawan. Di ka na nasanay sa 'kin."

Hindi niya maipaliwanag pero para ngang nagdahilan lang ang matanda pagkat isang saglit lang ay waring relaxed na kaagad ang anyo nito. Kahit paano ay napanatag na rin siya. "Sigurado kayo?" paniniyak niya.

"Buti pa dito na lang muna ako," ani Zeny. "Tutal ay wala naman akong gagawin sa amin. Saka para may kasama itong si Yaya Rose at nang hindi ka nag-aalala."

"S-salamat, ha?" relieved at grateful na sabi ni Lyra sa kaibigan. Ganyang tila may iniinda si Yaya Rose, hindi rin siya mapapakali kung iiwan itong nag-iisa sa bahay.

"Nakakahiya naman. Pati ikaw ay maaabala pa," sabi ng matanda kay Zeny.

"Asus! Si Yaya Rose, parang others," humahagikgik na sabi ng dalaga.

"Lyra, naghihintay na ang tricycle," pukaw ni Egay sa kanya na tinantang pa ang braso niya.

Bantulot siya at parang ayaw nang tumuloy. Inakay lang siya ng binata kaya siya napasunod dito.

"Sige, Yaya Rose, ako na ho'ng bahala kay Lyra," sabi nito sa matanda, pagkuwa'y binalingan

si Zeny. "Zeny…?" Nasa tono nito ang pagbibilin at pagpapaalam.

Tumango ang babae. "Sige. Mag-enjoy kayo d'un, ha?"

Nang lumulan sila ni Egay sa tricycle, napabuntung-hininga siya at sinikap itaboy ang lahat ng pag-aalala at agam-agam sa kanyang isip.

NAPAKALUWANG ng loteng kinatitirikan ng bahay ng mga Sandejas. Hula ni Lyra ay nasa tatlong libong metro kuwadrado ang kabuuang area niyon at napapalibutan ng mataas na bakod. Nasa panulukan iyon ng dalawang mauunlad na kalye sa mismong poblacion ng Peranda.

Wala pang limang minutong tinakbo ng tricycle ang daan mula kanilang tahanan hanggang sa bahay ng mga Sandejas. Malapit lang naman iyon at maaari ngang lakarin kung tutuusin.

Malayu-layo pa ay bumaba na sila. Waring may bakal ang mga paa ni Lyra habang naglalakad sila palapit sa gate. Tatlong guwardya ang nakatalaga roon na hindi naman mahigpit sa pagpapapasok ng mga bisita na tila ba welcome ang lahat ng sinumang gustong maki-party. Pinatuloy na sila matapos

tapatan ng metal detector.

Napuna kaagad niya ang napakaraming tao sa loob ng bakuran kung saan ginaganap ang event. Ang lahat ay hindi magkamayaw sa kasiyahan.

"Ganito talaga rito, parang fiesta pag may okasyon," imporma ni Egay sa kanya habang naglalakad sila patungo sa lupon ng mga tao.

Naisip niyang kakaiba nga ang party ni Marinel. Informal. Waring open para sa lahat ng uri ng bisita, anuman ang antas. Kunsabagay ay pulitiko ang ama nito at talagang makamasa, animo'y laging nangangampanya. Parang mas party iyon ni Mayor Sandejas kaysa ni Marinel mismo.

Malikot ang kanyang mga mata sa paghahanap sa may-kaarawan. Nahiling niyang matanaw sana sila nito at salubungin. Dahil sa totoo lang, hindi nababawasan ang uneasy feeling niya. Wala pa kasi siyang nakikitang kakilala roon kaya alien na alien ang pakiramdam niya.

"Egay!" tawag ng isang lalaking nasa grupo ng mga panauhing nagkakainan sa isang mesa.

Napalingon sila ni Egay rito at nakita nilang kumakaway ang naturang lalaki na hindi naman pamilyar sa kanya. Napangiti ang kanyang kasama

nang wari'y makakita sa paligid ng iba pang kakilala, parang nabawasan ang hiya.

May mga nakita na rin siyang ilang pamilyar na mukha. Ang ilan ay empleyado ng bangko na pagmamamay-ari ng mga Sandejas.

Masikip ang nilalakaran nila dahil concentrated ang mga tao sa bahaging iyon. Naiilang na ipinagpatuloy niya ang paghahanap ng mauupuan nila.

"Egay, 'yung mga regalo natin, hawakan mong mabuti't baka kung saan mo maipatong," bilin niya na hindi lumilingon sa pag-aakalang kasunod niya ang lalaki. Ito kasi ang may bitbit ng paper bag na kinalalagyan ng pinagsama-samang regalo nilang tatlo ni Zeny.

Nang hindi ito tumugon ay lumingon siya at nagulat nang matuklasang hindi niya ito kasunod. Para pala siyang tangang nagsasalita lang sa hangin. Luminga-linga siya at hinanap ito ng tingin ngunit hindi niya ito nakita.

*Saan ba nagsuot 'yon?* natutureteng tanong ng isip niya. Hindi na nga siya komportable sa paligid ay iniwan pa siya nito. Talagang hindi na siya mapakali lalo't nakatutok sa kanya ang atensyon ng marami.

Naisip niyang hindi kata-takang pagkamalan siyang debutante sa ayos niya. Masyadong bongga ang bihis niya samantalang ang karamihan ay naka-casual attire lamang pala. Pakiwari tuloy niya ay nakikipagtalbugan siya sa glamour at sophistication ng ibang bigating bisitang naroon. Kung alam lang niyang hindi ganoon kapormal ang party ni Marinel, sana ay simpleng bestida ang isinuot niya.

Huminga nang malalim si Lyra at sinimulang i-compose ang sarili. Lakas-loob at kunwa'y poised na ipinagpatuloy niya ang mga hakbang sa paghahanap ng mauupuan. Kinalimutan na niya ang paghahanap kay Egay. Tiyak niyang hahanapin siya nito.

Kakatwang sa bawat hakbang niya, unti-unti nahahawi sa magkabilang gilid ang mga tao sa unahan niya, waring sadyang binibigyan siya ng daan.

*Para akong prinsesa*, ibig manliliit na naisip niya.

Napadako si Lyra sa kinaroroonan ng mahabang buffet table ng mga katakam-takam na pagkain. Nang makapili ng pagkain, lumapit siya sa isang pang-apatang mesang nakita, malapit sa pool. Mag-isa lang siyang umupo roon.

Habang kumakain ay namataan niya si Egay sa

isang bahagi ng lawn na mayroon ding mahabang buffet table. May mga kasama itong tila kakilala at ang mga ito ay kumukuha ng makakain.

Gusto sana niya itong lapitan pero nagbago ang isip niya. Masama ang loob niya. Alam naman nitong asiwa siya sa paligid dahil wala siya halos kakilala roon. Bakit ni hindi man lang yata ito nagtangkang hanapin siya nang mapahiwalay siya rito?

Habang kumakain ay narinig niyang nagsalita sa makeshift stage ang emcee. Binanggit nito isa-isa ang mga palatuntunan na kaugnay ng birthday party na iyon.

Nang ihayag ng emcee ang pagsisimula ng sayaw para sa fifteen roses, nagpalakpakan ang mga tao at ilang saglit lang ay nagsimula na nga iyon. Aliw na aliw siya habang pinanonood ang mga nagsasayaw. Kay ganda ni Marinel. Parang dalaga na ito sa suot na ballgown.

Ang unang nakapareha nito ay ang amang si Mayor Rolly Sandejas. Nasa sisenta na ito pero matikas at guwapo pa rin. Ang second dance ni Marinel ay ang Kuya Andrew nito. Kay kisig-kisig ng binata sa suot na tuxedo. Ang atensyon ng lahat yata ng kababaihang naroroon ay nakatutok dito, kabilang na siya.

Ang kasunod na nakasayaw ng dalagita ay isang guwapo rin pero may katabaang lalaki. Hindi alam ni Lyra na iyon ang Kuya Dennis ng celebrant.

Natapos ang fifteen roses. Nag-change partner ang mga nasa dance area. Nakisali rin doon ang asawa ng mayor at ang isa pang anak na babae ng mga ito. Mayamaya pa'y dumami na ang mga nagsasayaw roon.

May ilang lalaking naglalakas-loob na lumapit sa kanya upang maisayaw siya pero magalang niyang tinanggihan ang mga ito.

Nagkasya na lamang si Lyra sa panonood sa mga nagsasayaw habang sumisimsim ng cocktail juice na ni-request niya kanina sa isang nagdaang waiter.

Nabigla siya nang mula sa pulutong ng mga pares na nagsasayaw sa dance area ay iniluwa si Andrew upang tunguhin ang kinaroroonan niya. Lumingon pa siya upang alamin kung may iba itong sadya roon. Pero sa kanya nakatingin ang binata at parang siya talaga ang lalapitan.

Bigla siyang nataranta at kinabahan sa hindi niya mawaring dahilan. Lalo pa nga't titig na titig ito sa kanya habang sa kamay ay hawak ang isang long-stemmed rose na hula niya ay bahagi ng props

ng fifteen roses kanina.

"Hi!" nakangiting sabi nito sa kanya nang makalapit. Iniabot nito sa kanya ang hawak na rose. Wala sa loob na tinanggap niya ang bulaklak. "I wonder if this is the first time I saw you but you look rather familiar. Tell me, do I know you from somewhere?"

Hindi nakatugon si Lyra. Parang namamalikmatang nakatingala lang siya rito, titig na titig sa guwapo nitong mukha.